
4

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Timeline



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_Filipino 4_ Modyul 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Kuwarter – Modyul 3: Timeline**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Mga Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Melanie O. Laniog, Rema V. Montes, Meagan Alexis Almasco |
| **Editor:** | Ma. Theresa I. Cortez |
| **Tagasuri:** | Rechie O. Salcedo |
| **Tagaguhit:** | Mark Anthony Taduran |
| **Tagalapat:** | |
| **Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao, Jr., Grace U. Rabelas<br>Ma. Leilani R. Lorico, Nora J. Laguda, Jerson V. Toralde<br>Rechie O. Salcedo, Belen B. Pili, Randy A . Bona |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City

Mobile Phone: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 3:
## Timeline

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Aralin 1 — Timeline



## *Alamin*

Kumusta ka na?

Marami kang matututunan sa mga aralin sa modyul na ito kung kaya't alam kong magiging kawili-wili sa iyo ang pagtalakay sa mga araling nakapaloob dito.

Nasubukan mo na bang magsalaysay ng mga pangyayari mula sa iyong napanood o nabasa? Paano mo ito ginawa?

Gusto mo bang mapahusay ang iyong kakayahang magsalaysay ng mga pangyayari o detalye sa mga nababasa mong teksto at pagsulat ng timeline?

Tamang-tama! dahil sa araling ito, inaasahan na:

1. **Naisasalaysay nang may tamang pagkakasunod-sunod ang nakalap na impormasyon mula sa napanood.**
2. **Napagsusunod-sunod ang mga detalye/pangyayari sa napanood/binasang teksto sa pamamagitan ng pagsalaysay, pagsagot sa tanong at pagsulat ng timeline.**
3. **Nakasusulat ng timeline tungkol sa mga pangyayari sa binasang teksto.**

Handa ka na ba?

Tara! Simulan mo na.



## *Subukin*


Ngayon ay alam mo na kung ano ang matututunan mo sa modyul na ito. Alamin naman natin kung ano na ba ang nalalaman mo sa aralin mo sa araw na ito.

Basahin at unawain mo ang teksto sa ibaba at pagkatapos ay isagawa ang sinasabi o hinihiling sa bawat gawain. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**Isang Linggong Gawain ni Ina**
ni Ma. Theresa I. Cortez

Si Gng. Santos ay larawan ng isang huwarang ina. Tuwing Lunes siya ay namamalengke. Sa araw ng Martes siya ay naglalaba ng kanilang labahin. Kapag ay Miyerkoles naman siya ay naglilinis ng buong bahay at bakuran. Tuwing araw ng Huwebes nagpapalit siya ng kurtina, punda at kumot. Siya ay namimitas ng mga prutas sa kanilang taniman tuwing Biyernes na siyang itinitinda niya tuwing araw ng Sabado. Pagsapit naman ng Linggo siya ay nagluluto ng masarap na pagkain upang pagsaluhan nilang buong pamilya.

**A.** Dugtungan ang pahayag sa ibaba upang maisalaysay mo sa iyong magulang o tagagabay ang mga gawain ni Gng. Santos sa buong linggo. Gamitin ang mga detalyeng iyong nakalap sa binasang teksto. Gawing gabay ang kalakip na rubrik para sa pagwawasto.




**Rubrik sa Pagsasalaysay**

| **Pamantayan** | **Puntos** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **5** *(Napakahusay)* | **4** *(Mahusay)* | **3** *(Katamtaman)* | **2** *(Di gaanong mahusay)* | **1** *(Magsanaypa)* |
| Naisasalaysay nang malinaw, maayos at may tamang pagkakasunod-sunod ang mga detalye. | | | | | |
| Kompleto at wasto ang mga impormasyong inilahad base sa tekstong binasa. | | | | | |
| Malinaw ang pagbigkas ng mga salita habang nagsasalaysay. | | | | | |
| **Kabuoan** | | | | | |

**B.** Ngayon naman ay sagutin mo ang mga tanong tungkol sa binasa mong teksto. Ito ay bilang paghahanda sa pagsulat mo ng timeline.


Ano ang ginagawa ni Gng. Santos tuwing araw ng:

Lunes?_______________________
Martes?______________________

Miyerkoles? ____________________
Huwebes? _____________________
Biyernes? _____________________
Sabado? _______________________
Linggo? ________________________

Magaling! Nasagot mo nang tama ang mga tanong.

**C.** Ngayon naman, isulat mo sa timeline sa ibaba ang mga gawain ni Gng. Santos sa bawat araw sa buong linggo. Gawin ito sa iyong sagutang papel.





Wow! Naisulat mo nang wasto ang mga gawain ni Gng. Santos sa bawat araw ng buong linggo.

*Binabati kita! Natapos mo ang gawaing SUBUKIN*

*Maari bang lagyan mo ng tsek kung alin sa mga gawain sa talahanayan ang naging madali at mahirap para sa iyo?*

| Mga Gawain | Madali | Mahirap |
|---|---|---|
| A | | |
| B | | |
| C | | |



Kung naging madali para sa iyo ang mga Gawain sa bawat letra sa talahanayan, ibig sabihin madali rin para sa iyo ang aralin. Kung hindi naman, huwag kang mag-alala, gagabayan at tutulungan kitang matutuhan ang mga ito. Kaya tara na!





## *Balikan*

*Magbalik-aral ka.*

Naaalala mo pa ba ang salitang naglalarawan sa tao, hayop, bagay, lugar at pangyayari?

Tama. Ito ay **pang-uri**. Ano ang tatlong kaantasan ng pang-uri?

Mahusay! Ang tatlong kaantasan ng pang-uri ay **lantay**, **pahambing** at **pasukdol**.

Ngayon, balikan natin ang natutuhan mo sa nakaraang aralin. Sagutin ang sumusunod na gawain.

Pumili ng **isa** sa sumusunod na paksa. Sumulat ng maikling talatang naglalarawan tungkol sa piniling paksa. Ilarawan ito gamit ang natutuhang kaantasan ng pang-uri. Isulat ito sa isang malinis na papel. Gamitin ang rubrik sa ibaba bilang gabay sa pamantayan sa pagsulat.

A. hinahangaang tao
B. paboritong lugar
C. bagay na gusto mong bilhin
D. masayang pangyayari sa sarili
E. pangyayari sa pamayanan

**RUBRIK SA PAGSULAT NG TALATANG NAGLALARAWAN**

**5-** Pinakamahusay

**4-** Mahusay

**3-** Katanggap-tanggap

**2-** Mapaghuhusay pa

**1-** Nangangailangan ng pantulong na pansanay

| **PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Kaangkupan sa paggamit ng pang-uri | | | | | |
| 2. Kaayusan ng nilalaman at mga ideya. | | | | | |
| 3. Naaayon sa wastong gramatika. | | | | | |
| **Kabuoan** | | | | | |

Mahusay! Natapos mo ang unang pagsubok.

Alam kong mahusay mong nagawa ang gawaing ito.



## *Tuklasin*

Narito na tayo sa bahagi ng modyul na kailangan mong magbasa at umunawa sa binabasa. Humingi ka ng tulong sa iyong mga magulang o kapatid para sa lubos mong pagkaunawa at pagkatapos ay isagawa ang hinihiling sa ibaba.

**Naabot na Pangarap**

ni Ma. Theresa I. Cortez

Pinanganak si Che noong 1995 sa Mediatrix Hospital, Lungsod Iriga. Nagsimula siyang pumasok sa Iriga Central School taong 1999. Dahil hilig niya ang pagsasayaw at pag-awit, nagsimula siyang magsanay noong 2003 at nakapagtapos siya sa elementarya noong 2006 na nakakuha ng parangal na Best in Performing Arts. Ipinagpatuloy ang kanyang pag-aaral sa Sekondarya hanggang kolehiyo bilang iskolar sa isang pribadong paaralan. Hindi nagtagal, nakapagtapos siya sa kursong Bachelor of Secondary Education Major in MAPEH noong 2014. Nagsimula siyang magturo taong 2018 sa isang pampublikong paaralan sa Lungsod ng Iriga.

Kaya mo bang maisalaysay ang mga pangyayari sa buhay ni Che nang may tamang pagkakasunod-sunod batay sa mga nakalap mong impormasyon? Sige nga, gawin mo ito kasama ng iyong magulang o kapatid.

A. Sagutin mo naman ngayon ang mga tanong base sa tekstong iyong binasa.

1. Anong taon ipinanganak si Che?
2. Kailan siya pumasok sa Iriga Central School?
3. Kailan siya nagsimulang magsanay umawit at sumayaw?
4. Anong taon siya nakapagtapos ng Elementarya?
5. Kailan siya nagtapos sa kursong Bachelor of Secondary Education Major in MAPEH?
6. Kailan siya nagsimulang magturo sa pampublikong paaralan sa Lungsod ng Iriga?

| |
|---|
| Ano ang napapansin mo sa mga sa tanong sa itaas?<br>Tama! Ang mga tanong ay ayon sa tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa teksto. |

B. Ngayon ay isulat mo sa timeline ang mga hinihinging pangyayari sa bawat taon ayon sa iyong binasang teksto. Isulat mo ito saiyong sagutang papel.

1._1995____
2._1999____
3._2003____
4._2006____
5._2014____
6._2018____



Magaling! Binabati kita sa kahusayang iyong ipinakita.

Ano ang iyong natuklasan tungkol sa pagsasalaysay ng mga impormasyong iyong nakalap? Sa pagsagot sa mga tanong at sa pagsulat ng timeline tungkol sa mga pangyayari?

Tara! Suriin natin.



## *Suriin*

Ngayon ay ipagpatuloy mo ang pagkatuto sa pagsasalaysay nang may tamang pagkakasunod-sunod sa mga nakalap na impormasyon, pagpapasunod-sunod ng mga detalye o pangyayari at pagsulat ng timeline tungkol sa mga pangyayari sa binasang teksto.

Halika basahin at unawain mo ang teksto sa ibaba.

**Karaniwang Pagdiriwang sa Pilipinas**

Isa ang Pilipinas sa mga bansang may maraming pagdiriwang sa isang taon. Tuwing unang araw ng Enero ay ginagawa ang pagsalubong sa bagong Taon. Pagsapit naman ng Pebrero ay mabili na ang mga bulaklak at tsokolate para sa Araw ng mga Puso. Nakagawian naman tuwing Marso ang *graduation* o araw ng pagtatapos sa paaralan. *Araw ng Kagitingan* naman ang ginaganap sa buwan ng Abril. Ang Mayo naman ay sinasabing buwan ng mga bulaklak at panahon ng mga kapistahan.

Samantala, ang bantayog ni Jose P. Rizal ay hinahandugan ng mga bulaklak bilang pag-alala sa *Araw ng*

*Kalayaan* tuwing Hunyo 12 at Hulyo naman, ipinagdiriwang ang Araw ng Republika. Abala naman ang mga paaralan at organisasyong pangwika tuwing Agosto para ipagdiwang ang Buwan ng Wikang Pambansa. Kapistahan naman ni Inang Peñafrancia sa buwan ng Setyembre. Pagsapit naman Oktubre ipinagdiriwang ang *Araw ng Nagkakaisang Bansa.* Ang Nobyembre naman ay paggunita sa mga mahal natin sa buhay na namayapa na. Siyempre, tuwing Disyembre 25 ginaganap ang masaya at masiglang pagdiriwang ng Pasko.

Ito ay karaniwan lamang na mga pagdiriwang na nagaganap sa bawat buwan sa isang taon. Marami pang mga okasyon ang nagaganap batay sa kultura at tradisyon sa bawat rehiyon sa ating bansa.

*ni: Girlie Marie L. Penales*

A. Batay sa tekstong binasa, maaari mo bang isalaysay nang may tamang pagkakasunod-sunod ang mga nakalap mong impormasyon?

B. Ngayon ay sagutin mo ang mga katanungan tungkol sa binasa mong teksto.

Ano-anong mga buwan ang may mga pagdiriwang ng:

1. Pagsalubong sa Bagong Taon? ____________________
2. Araw ng mga Puso? ____________________________
3. Araw ng Pagtatapos sa Paaralan? _________________
4. Araw ng Kagitingan? ____________________________
5. Buwan ng mga bulaklak at panahon ng mga kapistahan? ____________________________________
6. Araw ng Kalayaan? _____________________________
7. Araw ng Republika? ____________________________
8. Buwan ng Wikang Pambansa? ____________________

9. Kapistahan naman ni Inang Peñafrancia? __________

10. Araw ng Nagkakaisang Bansa? _______________

11. Paggunita sa mga mahal natin sa buhay na namayapa? ______________________________________

12. Pagdiriwang ng Pasko? ____________________




Ano ang iyong napapansin sa mga tanong na iyong nasagutan?

Tumpak! Naipapakita dito ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga detalye ng mga pagdiriwang sa buong taon.

Magpatuloy ka pa.

C. Batay sa binasang teksto, bumuo ka ngayon ng timeline ng mga pagdiriwang sa Pilipinas mula Enero hanggang Disyembre. Isulat sa papel ang iyong sagot. Gamitin ang pormat sa ibaba.






Ano ang iyong napapansin sa mga isinulat mong detalye ng mga pagdiriwang sa timeline?

Mahusay! May tamang pagkakasunod-sunod ang mga pagdiriwang sa bawat taon. Ito rin ay nagsilbing mahahalagang detalye o pangyayari sa binasang teksto.

Gamit ang timeline na iyong naisulat, maisasalaysay mo ba nang may tamang pagkakasunod-sunod ang mga ginaganap na pagdiriwang sa Pilipinas mula Enero hanggang Disyembre?



Magaling! Nakakabilib kang talaga! Madali mong nagawa ang mga gawain.

Sa iyong ginawang pagsasalaysay, Nakatulong ba ang mga detalyeng iyong naisulat sa timeline? Paano ito na nakatulong sa iyo?

**Ano nga ba ang timeline?**

Ang ***timeline*** ay isang grapikong representasyon na nagpapakita ng pagkasunod-sunod ng mga pangyayari.

**Paano ang pagsulat ng timeline?**

Sa pagsulat ng *timeline* makikita ang mahahalagang detalye tulad ng panahon (petsa/oras) at mga inaasahang pangyayari na isinaayos sa tamang pagkasunod-sunod. Sinusulat ito sa pamamagitan ng mga representasyon gaya ng graph, linya, o diyagram.  Dito madaling makikita ang mga iskedyul, plano, gawain, at pangyayari na may tamang pagkasunod-sunod. Sa gayon, malalaman kung kailan ito mangyayari, hanggang kailan, gaano katagal at iba pang kaugnay.

Kailangang unawaing ang layunin sa pagbuo ng timeline upang maisulat ito nang wasto.

**Ano ang kahalagahan ng pagsulat ng timeline?**

Mahalaga ang timeline dahil dito makikita o maipakikita ang maayos na pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayayi.

Sa tulong ng timeline, maisasalaysay mo nang may tamang pagkakasunod-sunod ang nakalap na impormasyon mula sa napanood o nabasang teksto.

Makatutulong rin ito sa sariling pagpaplano ng gawain o pangarap na gusto mangyari sa buhay.

## *Pagyamanin*

Ngayon ay ipagpatuloy mo ang pagsasanay upang mahasa pa ang iyong kaalaman sa pagsasalaysay, pagpapasunod-sunod ng mga pangyayari at pagsulat ng timeline.

Basahin at unawain mo ang sitwasyon.


**Magkakaroon ng pagpapalabas ng dula-dulaan bilang bahagi ng programa para sa Buwan ng Wika. Ito ay gaganapin sa Agosto 27, 2021. Binigyan sila ng apat na linggong paghahanda bago ang presentasyon. Kaya naman naghanda ng timeline ang mga mag-aaral bilang pagpaplano para sa kanilang presentasyon. Ang sumusunod ang kanilang plano at kailangan nila itong isulat sa timeline. Maaari mo ba silang tulungan?**

A. Bibili ng mga kagamitan bilang 'props' sa kanilang dula-dulaan.
B. Magkakaroon ng pagpupulong ang grupo kung paano nila gagawin ang kanilang dula-dulaan.
C. Dadalo sa mga araw ng pag-eensayo para sa kanilang dula-dulaan.
D. Araw ng presentasyon ng kanilang dula-dulaan.
E. Gagawa ng iskrip para sa kanilang dula-dulaan.

A. Tulungan ang mga mag-aaral sa pagpaplano ng kanilang presentasyon sa pamamagitan ng tamang pagpapasunod-sunod ng mga gawain. Isulat ang letra ng iyong sagot.

1. ____________
2. ____________
3. ____________
4. ____________
5. ____________

B. Gamit ang timeline sa ibaba, Isulat ang tamang pagkasunod-sunod na gagawin ng mga mag-aaral bilang pagpaplano para sa kanilang presentasyon.




C. Gamit ang mga detalyeng iyong isinulat sa timelime, isalaysay sa iyong mga magulang ang planong paghahanda ng mga mag-aaral sa presentasyon. Gawing gabay ang kalakip na rubrik para sa pagwawasto.

Yehey!
Malapit mo nang matapos ang araling ito.

Ilang bituin kaya ang iyong matatanggap?

☆☆☆☆☆ 5 kapag nagawa lahat
☆☆☆ 3 patas ang mayroon na nagawa ngunit kulang
☆☆ 2 ang mayroon ngunit hindi sapat ang nagawa
☆ o 1 kapag hindi o wala nagawa



## *Isaisip*

**Isiping mabuti!**

Kompletuhin ang sumusunod na pahayag upang mabuo ang talata na maglalahad ng iyong sariling pagkaunawa sa araling tinalakay.

> Sa pagsulat ng *timeline* makikita ang mahahalagang detalye tulad ng panahon (petsa/oras) at mga inaasahang pangyayari na isinaayos sa tamang pagkasunod-sunod.
>
> Kailangan kong matutuhan ang pagsulat ng timeline dahil
>
> ____________________________________________________
>
> Sa tulong ng timeline, maisasalaysay ko nang may tamang ____________________ ang nakalap na impormasyon mula sa napanood o nabasang teksto.

## *Isagawa*

Upang lubos mo pang maunawaan ang pagsulat ng aralin, basahin at tupdin ang gawain sa ibaba.

> **Plano ni Nene**
>
> Ma. Theresa I. Cortez
>
> Balak na manirahan muli ni Nene sa Pilipinas pagkalipas ng sampung taong pagtatrabaho sa Canada. Kaya't gumawa siya ng plano kung ano ang mga gagawin niya pag-uwi sa kanilang bayan.

**Plano ni Nene**
Ma. Theresa I. Cortez

Sa buwan ng Agosto, mamimili siya ng mga ipasasalubong sa kaniyang pamilya't kaibigan. Sa sunod na buwan, Setyembre, ay balak na niyang umuwi.

Sa Oktubre naman ay maghahanda na siya sa kung anong negosyo ang kaniyang itatayo para mayroon silang pagkakitaan. Sa pagsapit naman ng Nobyembre sisimulan na niyang bumili ng mga kagamitan at kasangkapan para dito. Sa Disyembre, plano niyang buksan ang kaniyang negosyo.


**A. Panuto:** Batay sa tekstong binasa mo, Isalaysay nang may tamang pagkakasunod-sunod ang mga impormasyong iyong nakalap mula dito.

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

**B.** Pagsunod-sunurin mo ang mga detalye/pangyayari sa binasang teksto sa pamamagitan ng pagsagot ng mga tanong sa ibaba.

1. Ano ang balak gawin ni Nene sa buwan ng Agosto?
2. Ano naman ang gagawin niya sa buwan ng Setyempre?
3. Sa mga buwan ng Oktubre, Nobyembre at Disyembre ano-ano ang mga plano niya?

**C.** Napagsunod-sunod mo na ang mga pangyayari sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong tungkol sa tekstong iyong binasa. Ngayon ay susulat ka na ng timeline tungkol sa mga pangyayari sa binasang teksto.




## *Tayahin*

Basahin mo nang tahimik ang teksto. Pagkatapos ay isagawa ang mga gawain kasunod nito upang mataya ang iyong natutunan sa araling iyong tinalakay sa modyul na ito.

**Masunuring Bata**
Ni Ma. Theresa I. Cortez

Tiktilaok! Tiktilaok! tilaok ng manok. *"Gising na Dina! Umaga na at oras na para mag-agahan at maglinis na ng bahay",* sabi ni Aling Nene. *"Opo nanay",* nakangiting sabi ni Dina at sinunod ang utos ng ina. Pagsapit ng tanghali, tumulong siya sa paghahanda ng mesa para sa kanilang pananghalian. *"Halina na kayo at kakain na po tayo",* ang sabi ni Dina. Masayang kumain ang mag-anak. Pagdating ng hapon, nagdilig ng siya ng halaman sa kanilang na bakuran. Magaganda at namumulaklak ang mga tanim nila. Pagkatapos niyang magdilig, nanood na ng telebisyon si Dina.

> *"Dina, anak oras para magpahinga at gabi na",* sabi ng nanay. *"Opo, inay matutulog na po ako",* mabilis na tugon ni Dina sa kanyang nanay.

**A.** Batay sa mga nakalap mong impormasyon mula sa tekstong iyong binasa, isalaysay mo ito nang may tamang pagkakasunod-sunod sa iyong magulang o kapatid. Gawing gabay ang kalakip na rubrik para sa pagwawasto.

**B.** Ngayon naman ay sagutin mo ang mga tanong tungkol sa binasa mong teksto.

Ano ang ginagawa ni Dina tuwing:

1. umaga? ______________________________
2. tanghali? ______________________________
3. hapon? ______________________________
4. gabi? ______________________________

C. Para sa lubos mong pakaunawa sa aralin sa modyul na ito, sumulat ka ng timeline tungkol sa pangyayari sa tekstong iyong binasa.

| Oras ng paggawa | Mga Gawain |
| --- | --- |
| | 1 |
| | 2. |
| | 3. |
| | 4. |

Binabati kita! Napagtagumpayan mo ang lahat ng gawain. Pagtibayin mo pa ito sa karagdagang gawain.



## *Karagdagang Gawain*


Para hindi mo makalimutan, magsanay pa sa pagsulat ng timeline tungkol sa tekstong binasa.

**Panuto:** Basahing mabuti ang teksto at isulat sa sagutang papel ang yugto ng buhay ng tao sa pamamagitan ng ***timeline.*** Pagkatapos, gamitin ito sa pagsasalaysay.

### Takbo ng Buhay

Judith L. Osea

Mula sa pagiging sanggol naramdaman ko ang hirap at pagod ng aking magulang. Sumapit ang pagiging bata at handa na akong pumasok sa paaralan, lalo kong nabatid ang tiyaga sa paghatid at sundo sa akin. Tumuntong na ako sa kolehiyo, binigyan ako ng kaunting laya sa paggawa ng desisyon dahil ako ay dalaga na alam na ang mali at tama. Nang naabot ko na ang aking tagumpay, pinayagan na ako ng aking magulang na magkapamilya dahil ako ay nasa tamang edad na. Darating din ang panahon na ako ay tatanda, hinding – hindi ko makakalimutan ang mga masasayang alaala ng aking buhay.





Malugod na pagbati! Napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

# Susi sa Pagwawasto

**SURIIN A** Maaaring gawaing gabay ang kalakip na rubrik sa pagwawasto at pagsasaayos ng sagot.

**SURIIN -B**

| | |
|---|---|
| 1. Enero | 7. Hulyo |
| 2. Pebrero | 8. Agosto |
| 3. Marso | 9. Setyembre |
| 4. Abril | 10. Oktubre |
| 5. Mayo | 11. Nobyembre |
| 6. Hunyo | 12. Disyembre |

**SURIIN -B**

Enero – Pagsalubong sa bagong taon
Pebrero – Araw ng mga Puso
Marso – Buwan ng pagtatapos
Abril – Araw ng Kagitingan
Mayo – Buwan ng mga bulaklak
Hunyo – Araw ng Kalayaan
Hulyo – Araw ng Republika
Agosto – Linggo ng Wika
Setyembre – Kapistahan ni 'Inang Penafrancia'
Oktubre – Araw ng nagkakaisang bansa
Nobyembre – Araw ng mga kaluluwa
Disyembre – Araw ng Kapaskuhan

**BALIKAN:** Gawing gabay ang rubrik para sa pagwawasto.

**TUKLASIN**

**A.**

1. 1995
2. 1999
3. 2003
4. 2006
5. 2014
6. 2018

**B.**

- 1995-Taong ipinanganak si Che
- 1999-Taong nagsimula siyang mag-aral;
- 2003-Taong nagsanay siya sa pagsayaw at pag-awit
- 2006- Taong nakapagtapos sa elementarya
- 2014–Taong nakapagtapos sa kolehiyo
- 2018-Taong nagturo sa pampublikong paaralan

**PAGYAMANIN-A**

| | |
|---|---|
| 1. B | 4. A |
| 2. E | 5. D |
| 3. C | |

**PAGYAMANIN-B**

**Unang Linggo**-Magkakaroon ng pagpupulong ang grupo kung paano nila gagawin ang kanilang dula-dulaan.
**Ikalawang Linggo**-Gagawa ng iskrip para sa kanilang dula-dulaan.
**Ikatlong Linggo**-Dadalo sa mga araw ng pag-eensayo para sa kanilang dula-dulaan.
**Ikaapat na Linggo**- Bibili ng mga kagamitan bilang props sa kanilang dula-dulaan.
**Agosto 27, 2021**- Araw ng presentasyon ng kanilang dula-dulaan.

**PAGYAMANIN-C** Sariling sagot ng mag-aaral. Iwawasto gamit ang rubrik ng guro.

**SUBUKIN**

**A.** Ang mga gawain ni Gng. Santos sa buong linggo ay namamalengke tuwing araw ng Lunes. Araw ng Martes siya ay naglalaba. Miyerkoles siya ay naglinis ng bahay at bakuran. Kapag Huwebes siya ay nagpapalit ng kurtina, punda at kumot. Tuwing Biyernes namimitas ng prutas sa kanilang taniman na siyang tinitinda niya tuwing Sabado. Kapag Linggo naman siya ay nagluluto ng masarap na pagkain pagsaluhan.

Maaaring gawaing gabay ang kalakip na rubrik sa pagwawasto at pagsasaayos ng sagot.

**B.**
Lunes – namamalengke
Martes – naglalaba
Miyerkoles – naglilinis ng bahay at bakuran
Huwebes – – nagpapalit ng kurtina, punda at kumot
Biyernes – Namimitas ng prutas
Sabado – nagtitinda
Linggo – nagluluto ng masarap na pagkain

**C.**
**Lunes** – namamalengke
**Martes** – naglalaba
**Miyerkoles** – naglilinis ng bahay at bakuran
**Huwebes** –nagpapalit ng kurtina, punda at kumot
**Biyernes** – Namimitas ng prutas
**Sabado** – nagtitinda
**Linggo** – nagluluto ng masarap na pagkain pagsaluhan

**TAYAHIN-A**

Gamitin ang rubrik sa pagwawasto

**TAYAHIN -B**

1. mag-agahan at mag-linis ng bahay
2. tumulong sa paghahanda ng mesa para sa kanilang pananghalian
3. nagdidilig ng halaman sa kanilang bakuran at nanood ng telebisyon
4. magpahinga o matulog

**TAYAHIN C**

Umaga – oras para mag-agahan at mag-linis ng bahay

Tanghali – Tumulong siya sa paghahanda ng mesa para sa kanilang pananghalian

Hapon – nagdilig ng halaman sa kanilang bakuran at nanood ng telebisyon

Gabi – oras para magpahinga o matulog

**KARAGDAGANG GAWAIN**

1.Sanggol
2.Bata
3.Dalaga
4.Magkapamilya
5.Tatanda

**ISAGAWA**

**A. Gamitin ang rubrik sa pagwawasto**

**B.**

1. Mamimili si Nene ng mga pasalubong
2. Uuwi si Nene sa Pilipinas
3. Maghahanda sa negosyong itatayo
4. Bibili ng mga kagamitan para sa negosyo
5. Planong bubuksan ang negosyo

**C.** Agosto- Mamimili si Nene ng mga pasalubong
Setyembre – Uuwi si Nene sa Pilipinas
Oktubre – Maghahanda sa negosyong itatayo
Nobyembre – Bibili ng mga kagamitan para sa negosyo
Disyembre – Planong bubuksan ang Negosyo

## Rubrik sa Pagsasalaysay

| **Elemento** | **Puntos** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **5** *(Napakahusay)* | **4** *(Mahusay)* | **3** *(Katamtaman)* | **2** (*Di gaanong mahusay)* | **1** *(Magsanaypa)* |
| Naisasalaysay nang malinaw, maayos at may tamang pagkakasunod-sunod ang mga detalye. | | | | | |
| Kompleto at wasto ang mga impormasyong inilahad base sa tekstong binasa. | | | | | |
| Malinaw ang pagbigkas ng mga salita habang nagsasalaysay. | | | | | |
| Kabuoan | | | | | |

## *Sanggunian*

1. Agarado, P., Francia, M., Guerrero, P., & Gojo Cruz, G. (2016). *Alab Filipino 5, Wika at Pagbasa Kagamitan ng Mag-aaral* (1st ed., pp. 74-77, 116-119). 1253 Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines: Vival Group Inc.

2. Jabines, A., Villafuerte, P., San Antonio, C., & Villanueva, V. (2015). *Yaman ng Lahi 4, Wika at Pagbasa Kagamitan ng Mag-aaral* (1st ed., p. 125). Quezon City, Metro Manila: Sunshine Interlinks Publishing House, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph